



Programang Tulong sa Paupa sa Emerhensiya ng COVID-19 sa County ng San Diego

Kadalasang mga Katanungan o Frequently Asked Questions (FAQ)

1) Ano ang Emergency Rental Assistance Program (ERAP)?

Itinatag ng County ng San Diego ang Emergency Rental Assistance Program (ERAP) upang makatulong sa mga karapat-dapat na sambayanan sa mga kwalipikadong mga lugar na naapektuhan ng pinansiyal sa COVID-19 na pandemiko. Ang programa ay nagkakaloob ng tulong hanggang \$3,000. Lahat ng mga aplikante ay susuriin base kung kaninong aplikasyon ang unang matatanggap.

2) Paano ko isusumite ang isang aplikasyon ng ERAP?

Simula Disyembre 1, 2020, maaaring magsumite ng aplikasyon online at mananatiling bukas ito hanggang maubos ang pondo. Para sa mga walang access sa internet at kailangan ng tulong sa pagkumpleto ng aplikasyon, tumawag sa (858) 694-4801 upang makakonekta sa isang ahente sa telepono na maaaring makatulong sa iyo.

3) Kailangan ko ba ng isang email address upang maka-aplay? Paano kung wala akong email address?

Kinakailangan ng isang balidong email address upang makapag sumite ng aplikasyon sa online. Kung wala ka nito, maaari kang gumawa nito upang makumpleto ang aplikasyon. Ang mga sumusunod ay mga tagapagkaloob ng libreng email:

- Gmail
- Yahoo
- Microsoft Outlook

Kung wala kang email address, maaari kang tumawag sa (858)694-4801 para makipag ugnayan sa isang ahente ng telepono na makakatulong sa iyo sa pag kumpleto ng aplikasyon sa online.

4) Ano ang aking gagawin kung nahihirapan na mag-log in o mag-aplay ang online?

Unang Hakbang: Bumuo ng isang akawnt

Ikalawang Hakbang: Kumpirmahin ang iyong rehistradong email address bago makalog-in at kumpletuhin ang iyong aplikasyon. Pakitsek ang iyong email at i-klik ang link ng mensahe ng rehistrasyon ng email na iyong natanggap ang iyong rehistradong email. Kung hindi mo makita ang email ng rehistrasyon na naipadala sa iyo, pakitsek ang junk o spam folder. Kung hindi mo pa rin makita ang email ng rehistrasyon, i-klik ang "Muling Ipadala ang Kumpirmasyon ng Email" o "Resend Email Confirmation" na link sa login na pahina.

Ikatlong Hakbang: Maglog-in at kumpletuhin ang online na aplikasyon.

- Kung matagumpay mong nakumpirma ang iyong email address, ngunit hindi parin makalog-in, piliin ang "Nakalimutan ang iyong password?" o "Forgot your password?" na link sa login na pahina. Itsek ang iyong email sa link ng mensahe na naipadala sa iyo upang buksan ang webpage upang makabuo ng iyong bagong password upang makalog-in.

5) Kailangan ko bang magbigay ng mga dokumento na sumusuporta sa aking aplikasyon?

Opsyonal na magbigay ng mga beripikasyon sa panahon ng aplikasyon, ngunit inuudyok namin na ang mga dokumneto ay maibibigay kasama ang aplikasyon upang masiguro na mapabilis ang aplikasyon. Kung ang isang aplikante ay napili mula sa listahan ng nakabinbin o waiting list, hihilingin ng tauhan ng County ang anumang kulang na mga beripikasyon.

6) Paano ako maaabisuhan na ako ay napili?

Lahat ng mga aplikante ay maabisuhan kung sila ay napili o hindi napili sa pamamagitan ng email o koreo (kung hindi naibigay ang email). Ang katayuan ng aplikasyon ay matsetsek nang online sa anumang oras.

7) Magkano ang maaaring kwalipikado na tulong sa paupa sa akin?

Magbibigay ang ERAP ng isang-beses na ipinagkalob para sa mga atrasadong bayad ng nangungupahan at o sa sumusunod na kabayaran. Ang ipagkakaloob na tulong ay hanggang \$3,000.

8) Kung ako ay naninirahan kasama ang isang kakwarto , maaari ba kaming dalawa na mag-aplay?

Isang aplikasyon lamang sa isang sambahayan ang maiproproseso.

9) Kung ako ay nakatanggap ng subsidy sa paupa tulad ng Seksyon 8 na voucher sa napiling pabahay o naninirahan sa Proyekto na Base sa Seksyon o Pamublikong Pabahay, maaari ba akong karapat-dapat para sa subsidy sa paupa mula sa County ng San Diego?

Hindi, ang sambahayan ay hindi dapat tumatanggap ng anumang uri ng subsidy sa paupa tulad ng Seksyon 8 o ibang tulong sa paupa na programa, mabilis na tulong sa muling pagtira, o tulong sa paupa mula sa walang-tubong mga ahensiya.

10) Anong mga lugar ang sakop ng ERAP?

Ang mga residente na naninirahan sa mga hurisdiksyon kasama ang kanilang programa sa relebo sa paupa ng COVID-19 ay maaaring hindi karapat-dapat para sa programa ng County maliban na lamang kung ang mga pondo ng hurisdiksyon ay nagamit na.

11) Kailangan bang sumang-ayon ang aking kasero o landlord na makilahok sa programang ito?

Oo, kailangan sumang-ayon na makilahok sa programa ang kasero ng aplikante. Kung tumanggi ang iyong kasero na tanggapin ang mga kabayaran o hindi nagsumite ng mga kinakailangan na mga dokumento at mga beripikasyon, tatanggihan ang aplikasyon.

12) Kailangan ko ba ang kontak na impormasyon ng aking kasero o landlord kapag ako ay nag-aplay?

Oo, dapat meron kang pangalan at numero ng telepono o email address ng iyong kasero sa proseso ng aplikasyon.

13) Tahasang ba na maibibigay sa akin ang tulong sa kabayaran sa paupa?

Hindi, ang mga pondo ay tahasang mababayaran sa iyong kasero o kompanya ng namamahala sa ari-arian.

14) Ano ang tatanggapin na uri ng mga beripikasyon na kailangan isumite sa aking aplikasyon?

- o Kailangan magsumite ang mga aplikante ng kopya ng Photo ID na nagpapakita ng kanilang kasalukuyang address (address sa aplikasyon). Kung hindi nakikita ang kasalukuyang address sa photo id, kailangan magbigay ang aplikante ng Kopya ng Photo na may utility bill o pangungupahan na nagpapakita ng iyong pangalan at kasalukuyang address (address sa aplikasyon).
- o Beripikasyon sa kita tulad ng pay stubs para sa lahat ng miyembro ng sambahayan na nagtratrabaho, beripikasyon ng walang trabaho, sulat ng benepisyo ng CalWORKs, atbp. ay dapat nagpapakita ng petsa nang hindi mas maaga sa Agosto 1, 2020. Ang mga sulat na benepisyo ng SSI/SSA mula Enero 1, 2020 ay tatanggapin.

15) Wala akong utang sa paupa ngunit hindi ako makakabayad sa susunod na buwan. Maaari pa rin ba akong mag-aplay?

Oo, maaari ka pa rin mag sumite ng aplikasyon kung ikaw ay naapektuhan ng pinansiyal dulot ng COVID-19 at hindi makabayad sa susunod na upa.

16) Kung napili ako na makatanggap ng isang-bese na ipinagkaloob, oblidago ba akong na ibalik ito?

Ang isang nangungupahan ay hindi kailangan na ibalik ang subsidy, ito ay isang ipinagkaloob. Ang subsidy sa paupa ay mababayaran nang tahas sa kasero o landlord sa ngalan ng nangungupahan .

17) Kung ako ay nagbabayad ng komersyal na upahan, maaari ba akong makwalipikado?

Ang tutulongan lamang ng programa ay ang mga aplikante na karapat-dapat sa tulong sa pa-upa ng pabahay at hindi sa nagbabayad ng pangkomersyal na renta.

18) Kung ako ay isang may-ari ng mobile home na nagbabayad ng upa sa puwang o puwesto, maari ba akong magsumite ng aplikasyon para sa programa?

Oo, ang programa ay maaaring tumulong sa mga nagbabayad ng upa sa puwang o puwesto ng mobile home.

19) Paano ko malalaman kung aling mga lugar ang sakop ng programa?

Ang mga lugar na sakop ng Programang Tulong sa Paupa sa Emerhensiya ng COVID-19 ay buong lalawigan. Ang mga lungsod na may sariling COVID- 19 na programa na tulong para sa pa-upa ay hindi karapat-dapat para sa programa ng County ng San Diego maliban kung naubos na ang pondo ng hurisdiksyon na iyon. Sa puntong ito, patuloy na sinusubaybayan ng County ng San Diego ang katayuan ng iba pang mga programa sa iba't ibang mga lungsod sa loob ng lalawigan. Inirerekumenda na magsumite pa rin ng aplikasyon kung hindi ka sigurado kung ang lungsod na iyong tinitirahan ay mayroong sariling COVID-19 na programa na tulong para sa pa-upa.

20) Kung naaprubahan na ako para sa tulong para sa emerhensiya na pag-upa, karapat-dapat ba akong makatanggap ng karagdagang tulong?

Hindi, ang mga nangungupahan na nakatanggap na ng bayad para sa tulong na pang-emerhensiya na pa-upa ay hindi karapat-dapat na makatanggap ng karagdagang tulong.

21) Kailan ko maaasahan ang aking aplikasyon na mapoproso at ang pagbabayad ay naipadala kung ang aking aplikasyon ay naaprubahan?

Maaaring tumagal ng 2-4 na linggo mula sa petsa ng iyong aplikasyon bago makipag ugnayan ang County sa aplikante. Maaari kaming humiling ng karagdagang mga dokumento at sa sandaling maibigay ang mga iyon ay susuriin ang aplikasyon. Ang prosesong ito ay maaaring tumagal ng halos isang linggo. Hihiling kami ng impormasyon mula sa iyong kasero at maaaring tumagal din ng hanggang isang linggo upang malipon at maproso ang mga dokumento. Kapag naaprubahan na ang aplikasyon, maaaring tumagal ng dalawang linggo bago maibigay ang tulong na bayad. Ang mga aplikante ay makatanggap ng kasulatan ng buong proseso mula sa County ng San Diego. Ang mga aplikante ay maaaring suriin ang kanilang katayuan sa online portal kung saan sila nag-sumite ng aplikasyon.